

Isang Gabay para sa Privacy kapag pumipili ng mga third-party na app

Kailangan naming mag-alok sa iyo ng access sa iyong mga talaan ng kalusugan sa pamamagitan ng isang “Patient Access API.” Maaari mo itong makuha sa pamamagitan ng pag-download ng isang application (app) sa iyong smartphone, tablet, computer, o iba pang device kung isa kang miyembro. Kasama sa mga talaan na maaari mong makuha sa pamamagitan ng Patient Access API ang data na nakalap namin tungkol sa iyo habang nakatala ka sa amin. Maaaring kasama rito ang mga talaan ng kalusugan na nakalap mula Enero 1, 2016 kung nagpatala ka sa amin sa panahong iyon. Kasama sa mga talaan ng kalusugan ang mga bagay na nakalista sa ibaba hangga't mayroon kami nito sa aming system:

- Mga data ng claim at encounter na naglalarawan sa mga pakikipag-ugnayan sa mga manggagawa sa pangangalagang pangkalusugan at mga doktor at mga pagpapatingin sa ospital
- Klinikal na data gaya ng mga resulta ng laboratoryo, allergy, at gamot na iniinom mo

Maaaring kasama sa mga talaan ng kalusugan na ipinapadala namin sa app ang pribadong impormasyon (gaya ng pag-abuso sa droga, paghingi ng tulong sa kalusugan ng isip, status ng HIV, at marami pa)

Kailangan mong malaman na ang app na kukunin mo ay magkakaroon ng lahat ng uri ng mga talaan ng data sa kalusugan. Maaaring kasama sa ganitong uri ng data sa kalusugan ang mga bagay tulad ng nakasaad sa itaas. Maaari ring kasama rito ang iba pang pribadong data, gaya ng iyong pangalan, petsa ng kapanganakan, at Medi-Cal ID. Tandaang maaaring hindi kailangan ng app na sumunod sa ilang partikular na batas sa privacy tulad ng mga panuntunan sa Batas sa Paglipat at Pananagutan ng Insurance sa Kalusugan (Health Insurance Portability and Accountability Act, HIPAA). Sa halip, may isang patakaran sa privacy ang app na nagsasaad kung paano magagamit, maibabahagi, at posibleng maibenta ng app ang iyong data. Mangyaring tandaan na hindi na kinokontrol ng Partnership kung paano ginagamit o ibinabahagi ng app ang iyong data sa sandaling ipadala namin ang iyong data sa app. Tiyaking tingnan ang mga panuntunan sa privacy ng anumang app na ginagamit mo upang maaccess ang iyong data sa pamamagitan ng Patient Access API. Tiyaking ayos ka lang sa kung ano ang maaaring gawin ng app sa iyong data.

Hinihiling ng Partnership sa anumang/sinumang tagagawa ng app na nagpaplanong gumamit ng Partnership Patient Access API na isaad na nakakasunod ito sa mga pangunahing panuntunan sa privacy at seguridad. Kailangan mo ring sumang-ayon na hayaan ang app na gamitin ang iyong data.

Mga bagay na maaaring gusto mong isipin kapag pumipili ng app:

Mahalagang tingnan mo ang mga panuntunan sa privacy ng app kung gusto mong gumamit ng app upang makuha ang iyong data sa kalusugan.

Narito ang ilang tanong na maaaring gusto mong isaalang-alang kung pipili ka ng app na gagamitin. Hindi masasagot ng Partnership ang mga tanong na ito para sa iyo. Kakailanganin mong magpasya kung ayos lang sa iyo ang mga panuntunan sa privacy ng app at kung paano gagamitin ng app ang iyong data.

- Ibebenta ba ng app na ito ang aking data sa anumang dahilan?
- Ibabahagi ba ng app na ito ang aking data sa mga third party para sa isang bagay tulad ng pananaliksik o advertising?
- Paano gagamitin ng app na ito ang aking data at bakit?
- Papayagan ba ako ng app na sabihin dito kung paano nito magagamit, maibahagi, o maibebenta ang aking data?
- Maaari ko bang wakasan ang paggamit ng app sa aking data kung ayaw kong gamitin ang app na ito? Paano kung ayaw kong magkaroon ang app na ito ng data sa kalusugan ko? Mahirap bang ihinto ang paggamit ng app sa aking data?
- Nakasaad ba sa mga panuntunan ng app na ide-delete nito ang aking data kapag gusto kong ipahinto rito ang pagtingin sa aking data? Mayroon pa ba akong kailangang gawin bukod sa pag-delete lang ng app sa aking telepono, tablet, o computer?
- Paano sasabihin sa akin ng app na ito ang tungkol sa mga pagbabago sa mga panuntunan sa privacy nito?
- Makakakuha ba ang app ng anumang data na hindi pangkalusugan sa aking telepono, tablet, o computer, gaya ng kung nasaan ako at saan ako pupunta?
- Ano ang ginagawa ng app na ito upang maprotektahan ang aking data?

- Maaari bang makita o ibahagi ng app ang impormasyon tungkol sa mga contact sa aking telepono, gaya ng kanilang mga numero ng telepono?
- Papayagan ba ako ng app na ayusin ang isang bagay sa data kung mali ito? (Tandaan: kapag inayos ang isang bagay sa data na nakukuha ng app, hindi nito maaayos ang anumang problema sa pinagmulan ng data)
- Mayroon bang paraan ang app upang tumugon sa mga taong nagrereklamo?

Maaaring ayaw mong gamitin ang app upang makita ang iyong data sa kalusugan kung hindi masasagot ng mga panuntunan sa privacy ng app ang mga tanong sa itaas. Maaaring kasama ang iyong data sa kalusugan ang mga bagay na sobrang pribado. Dapat kang maging maingat sa pagpili ng isang app. Tiyaking mayroon itong maiinam na panuntunan sa privacy at seguridad upang makatulong na mapanatili itong ligtas.

Mga saklaw na grupo at HIPAA

Ang Tanggapan para sa mga Karapatang Sibil (Office for Civil Rights, OCR) ng Departamento ng Mga Serbisyo para sa Kalusugan at Tao ng US ang nangangasiwa sa pagtiyak na nasusunod ang mga Tuntunin sa Notification ng Privacy, Seguridad, at Paglabag ng HIPAA.

Maaaring hindi kailangang sundin ng mga third-party app ang HIPAA. Ang Partnership at karamihan sa mga planong pangkalusugan at eksperto sa pangangalagang pangkalusugan, gaya ng mga ospital, doktor, at klinika ay kailangang sumunod sa HIPAA.

Maaari mong gawin ang mga bagay na ito:

- Alamin pa ang tungkol sa iyong mga karapatan sa ilalim ng HIPAA at kung sino ang kailangang sumunod sa HIPAA
- Alamin ang tungkol sa [paghahain ng reklamo kaugnay ng HIPAA sa OCR](#)
- Maaari kang tumawag sa **(800) 863-4155** o bumisita sa [webpage ng Karaingan at mga Apela sa Partnership](#) upang malaman pa ang tungkol sa paghahain ng reklamo (karaingan) sa Partnership

Mga app at privacy

Hindi palaging kailangang sundin ng app ang HIPAA. Kailangang sundin ng mga app na may abiso sa privacy ang mga panuntunan ng abisong iyon. Kadalasan, hindi kailangang sundin ng mga ito ang iba pang batas sa privacy. Ang Batas ng Pederal na Komisyon sa Kalakalan (Federal Trade Commission Act) ay nagpoprotekta laban sa mga pagkilos na maaaring sumubok na linlangin ka. Halimbawa, maaaring subukan ng app na ibahagi ang iyong data sa isang paraan na sumasalungat sa mga sarili nitong panuntunan sa privacy. Ang isang app na hindi sumusunod sa mga panuntunan ng abiso sa privacy nito ay maaaring magkaproblema sa Pederal na Komisyon sa Kalakalan (Federal Trade Commission, FTC). Maaaring sabihin sa iyo ng FTC ang higit pa tungkol sa privacy at seguridad sa mobile app para sa publiko.

Dapat kang makipag-ugnayan sa FTC at maghain ng reklamo kung sa tingin mo ay ginamit, ibinahagi, o ibinenta ng app ang iyong data sa paraang sinabi nitong hindi nito gagawin.